REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 91-220

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGSANG_AYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAGBILI NG LUPANG PAG-AARI NG PAMAHALAAN NA KINATITIRIKAN NG BAHAY NG MGA KASAPI NG SAMAHANG BAGONG POOK BARANGAY BULI, INC.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ayon sa Tanggapan ng District Engineer ng Department of Public Works and Highways na ang lupang binabanggit ay nararapat bilang bahayan at ito'y nasa isang lugar na kabahayan (residential area) ng Barangay Buli, Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga aplikante (Samahang Bagong Pook Barangay Buli, Inc.) at ang kanilang pamilya ay tunay na naninirahan sa mga lupang kanilang kinatitirikan na pinatutunayan ng mga tirahan o bahay at mga pagsasaayos o pagpapagandang (improvements) ginawa nila dito;

SAPAGKAT, ang Department of Public Works and Highways ay walang nakatakdang mga proyekto para sa nabanggit na lugar sa mga darating na panahon;

SAPAGKAT, alinsunod din sa sulat ng Pangasiwaan sa Pagpapaunlad sa Look ng Laguna na ang nabanggit na lupa na malapit sa Look ng Laguna ay hindi makakasagabal sa mga programa nitong pagpapaunlad subalit kapag natituluhan ang lupa ito'y hindi gagamitin sa anumang pagpapaunlad na magkakaroon ng problema sa polusyon ng look, pamamahala ng look para sa kuwalidad ng tubig at pagkontrol ng kapaligiran ng Look ng Laguna;

SAPAGKAT, ang Samahang Bagong Pook Barangay Buli, Inc. ay nagpatala na ng Miscellaneous Sales Applications sa Department of Environment and Natural Resources upang mabili nila ang lupa dahil dito sila matagal ng naninirahan at ang karamihan ng mga kasapi ay mangingisda na nabubuhay sa yamang-dagat ng Look ng Laguna;

SAPAGKAT, alinsunod sa Bureau of Lands ng Department of Environment and Natural Resources, ang nabanggit na lupa sa Barangay Buli ay disposable sa ilalim ng Miscellaneous Sales Application.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagsang-ayon ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa pagbili ng lupang pag-aari ng pamahalaan na kinatitirikan ng bahay ng mga kasapi ng Samahang Bagong Pook Barangay Buli, Inc.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 174th regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Oktubre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts